

1

“Diyos ko, Ken! Ano ba namang gulo iyang pinasok mo?” halos maghisteryang sermon kay Kenji Alcantara ng nakatatanda niyang kapatid na si Megumi.

Kasalukuyan siyang nasa ospital matapos siyang isugod ng mga taong nakatagpo sa kanya na duguan sa kalsada. Pauwi na sana siya sa bahay nila sa Pasay nang may bigla na lang humarang at bumugbog sa kanya.

“Calm down, Ate! I’m fine, malayo ito sa bituka, so no need to worry,” pa-cool na sabi niya rito kahit na ang totoo ay gusto niyang ngumiwi sa sakit na nararamdaman sa kanyang tagiliran.

He didn’t want his older sister to be worried sick about him. Baka makasama pa sa kalagayan nito ang sobrang stress. Ayon sa doctor nito ay maselan di-umano ang kalagayan ng kanyang kapatid, palibhasa ay first time magbuntis bukod pa sa unhealthy lifestyle nito.

After eight months of being married to her boyfriend of two years, JP Soriano, Megumi was now pregnant. Blooming na blooming sana ang kapatid

niya, kung hindi lang dahil sa pag-aalala sa kanya.

“Sino ba kasi ang may gawa sa 'yo niyan, ha? Kanino ka ba may nagawang atraso?” usisa nito.

“Hindi ko talaga alam kung sino ang may gawa nito sa 'kin, Ate. Napagtripan lang siguro ako,” pagsisinungaling niya. Baka sapak ang abutin niya kapag nalaman nito kung sino ang may kasalanan ng lahat.

Ang totoo kasi, alam niya kung sino ang nagpabugbog sa kanya. None other than Sheryl Briososa, his obsessed ex-girlfriend. A she-devil incarnate.

Cook siya sa barko kaya naman lagi siyang lumalabas ng bansa. Kung saan-saan na siya nakarating at sa bawat lugar na puntahan niya ay kung sinu-sinong babae na rin ang nakasalamuha niya. Sheryl was one of those girls.

He was just having fun. Iyon ang lagi niyang katuwiran. Besides, he didn't hook up with innocent girls who didn't know the score. Lahat ng babaeng nakarelasyon niya ay alam na hindi siya emotionally attached sa mga ito at wala siyang balak kahit kailan na ma-attach sa sinuman.

For him, girls who indulge themselves in casual sex were just toys. No strings attached, wika nga.

Maayos naman sana ang sistema niyang iyon. The problem was, a bitch named Sheryl totally forgot about his rule. Hindi lang nito basta binale-wala ang no-strings-attached rule niya, sinusubukan pa nitong utakan siya.

Sheryl was pressuring him to marry her because a baby suddenly sprouted out of her tummy. Hell, pinipikot siya nito! Tinatakot siya ng dalaga na ipapatanggal sa trabaho kung hindi niya ito pananagutan. Mayaman ang pamilyang pinagmulan nito at marami itong koneksyon, kaya alam niya ang maaari nitong gawin. Worse, tinatakot siya ng mga ito na makakatikim di-umano siya ng karahasan sakaling takasan niya ito.

Na siya ngang nangyari almost a week ago. Bukod sa biglang-bigla ay nasisante siya, pagkatuntong na pagkatuntong niya sa lupa ng Pilipinas matapos bumaba sa barkong pinagtatrabahuan niya ay nagulpi siya ng mga hindi niya kilalang tao na muntik nang bumalda sa kanya. Kaya ngayon ay naka-confine siya sa ospital.

“Kailangan may gawin tayo. Paano kung hindi ka lang nila napagtripan? Paano kung may galit talaga sila sa 'yo? I know you, Ken. Madalas kang makasagasa ng ibang tao dahil diyan sa kayabangan

mo. Ang mabuti pa, itatago na muna kita habang hindi pa nahuhuli 'yung mga gumawa niyan sa 'yo. Saan muna kaya kita itatapon?" anito saka nahulog sa malalim na pag-iisip samantalang siya ay napamaang lamang dito.

"Itatapon? What do you mean, itatapon?"

"Sa ibang lugar ka muna mag-stay habang hindi pa ako sigurado na wala nang mambubugbog sa 'yo."

"Pero, Ate—" kontra niya sana, subalit pinutol nito ang anumang katuwiran na nais niyang sabihin.

"Huwag ka nang kumontra, para rin naman ito sa kabutihan nating dalawa. Gusto mo bang lagi na lang akong ma-stress sa pag-iisip sa 'yo? Baka makasama sa paglaki ng future pamangkin mo," pangongonsyensya pa nito.

His sister was being manipulative once again. She was resorting to emotional blackmail, for Pete's sake!

"All right, payag na 'ko. Siguraduhin mo lang na malusog 'yang pamangkin ko paglabas niya." Napipilitan man ay pumayag na siya sa nais nito, ang laki tuloy ng ngisi nito sa kanya. "Saan mo nga pala ako balak itapon?" pahabol na tanong niya, umaasang hindi magiging masama ang plano nito.

“Sa Batangas, kina Ninang Aida,” nakangiting sagot nito.

Napaungol siya. Of all places, bakit doon pa?

Ang Ninang Aida na tinutukoy ng ate niya ay ang best friend ng mama nila noong nasa college pa ito. Kahit na nakapag-asawa at nagkaanak na ang mga ito ay hindi pa rin naputol ang pagkakaibigan ng mga ito. Katunayan ay ninang nilang tatlong magkakapatid si Aida samantalang ang mama naman niya ay ninang din ng dalawang anak nito na sa pagkakatanda niya ay parehong babae.

“It’s settled. Pagka-discharge mo, ipapahatid kita kay JP kina Ninang Aida. Doon ka muna for the meantime.”

“Pero, Ate—“ muling kontra sana niya na sa ikalawang beses ay pinutol na nito bago pa niya matapos.

“Wala nang pero-pero, Ken! Ako ang mas matanda kaya alam ko ang makabubuti sa ‘yo. At dahil sinabi kong doon ka muna, doon ka muna,” matigas na pahayag nito.

Oh dear, bakit ba siya nagkaroon ng ganitong kapatid?

Napabuntong-hininga si Wendy. Kanina pa siya nakatunganga sa harap ng laptop niya. Kung hindi siya nagkakamali, dalawang oras na yata. Pero kahit isang salita ay wala siyang nai-type sa supposedly ay nobela niya. Patuloy lang sa pagkurap-kurap ang cursor sa harapan niya, iniinis siya. Sinulyapan niya ang mga bills na idinikit ng nanay niya sa corkboard sa pader sa kaliwa niya. Mula sa water bill, electricity bill, internet bill at cable bill, lahat ng mga iyon ay ibinabandera ang kani-kanilang sarili sa kanya na tila ba inaasar siya. Kakaunti na rin ang laman ng passbook niya.

Isa siyang romance writer na sa kasamaang-palad ay tinamaan ng isang sakit na tinatawag na writer's block. Ilang buwan na rin siyang walang naisusulat na kahit ano. Tinawagan na siya ng editor niya at nagtanong kung wala na ba siyang balak magsulat. Napabuntong-hininga siya uli.

Walang nobela means walang pera. Lagot talaga siya sa nanay niya.

Hindi naman sa itinuturing lang niyang pagkakakitaan ang pagsusulat. Passion niya iyon at naroon talaga ang puso niya. Kontento na siya sa kung anuman ang kayang ibigay niyon sa kanya.

Hindi siya maluhong tao at simpleng mga bagay lang ang gusto niya sa buhay.

Kaya lamang, kapag si Aida Aguilar na ang ina, kailangan talagang i-set ang utak na lahat ng dapat gawin ay magbibigay ng pera. Mukhang pera kasi ang nanay niya.

Bigla na lang ay napasigaw siya saka hinila nang hinila ang mahaba niyang buhok. Tumayo siya at hindi na nag-abala pang patayin ang laptop niya. Mula sa kanyang silid ay bumaba siya sa hagdanan at dumerecho sa kusina. Binuksan niya ang refrigerator at naghanap ng puwedeng ilaman sa kanyang tiyan. Napasimangot siya nang wala siyang makita roon maliban sa ilang piraso ng bote ng 1.5 soft drinks na may lamang tubig na inumin.

“Bakit ba walang normal sa bahay na ito?” parang tangang kausap niya sa kanyang sarili. Kaya may refrigerator ay para lagyan ng pagkain pero ang sa kanila, pulos bote ang laman!

Marahas na ibinagsak niya ang pinto ng fridge at tinungo ang kinalalagyan ng rice cooker. Lalo lang siyang napasimangot nang makitang kaunting bahaw na kanin lamang ang laman niyon.

Binuksan niya ang cupboard saka kinuha ang

bote ng soy sauce. Walang pakundangang itinaktak niya ang laman niyon sa rice cooker nilang balot ng tutong, walang habas na hinalo at dere-derechong isinubo nang nakakamay. Talk about being the biggest *patay-gutom* ever created.

Maano ba? Wala namang nakakakita, eh. Or so she thought...

Naiinip na si Kenji sa paghihintay sa ninang niya. Nang dumating siya ay enthusiastic siyang sinalubong ng butihing ginang. Nagpaalam nga lamang ito sa kanya na pupunta sa karinderya ng bunso nitong anak para ikuha siya ng pagkain dahil hindi raw nakaluto ang mga ito.

He didn't want to be there. Sa lahat ng lugar, bakit ba kasi sa Batangas pa naisip ng ate niya na ipatapon siya? The place was just too dull for his taste.

He liked the buzz of the city; he liked to live in a dash. Hindi siya iyong tipo na gugustuhin ang buhay sa probinsya. For him, provincial life is just too monotonous. Kaya nga niya piniling sumakay sa barko at doon maging cook kaysa magtayo ng sariling business na siyang inaasahan ng kanyang pamilya. Mas exciting para sa kanya ang makapunta sa kung

saan-saan.

Sinubukan niyang muling kumbinsihin ang Ate Meg niya na hindi na niya kailangang magtago, subalit makulit ito.

Hanggang sa pati na ang bayaw niyang si JP ay nangulit na rin na pumayag siya para di-umano ay hindi na ma-stress pa lalo ang ate niya. Two against one, ano ang laban niya?

Kung tutuusin, hindi naman siya ang tipo ng lalaking tumatakbo sa responsibilidad. Had he been sure that the baby was his, kahit pa labag sa kalooban niya ay pananagutan naman niya.

Ang kaso nga ay sigurado siyang hindi kanya ang batang sinasabi ng dating nobya. He never forgot to use protection while having sex with anybody and Sheryl was not an exception. So how the hell was he going to father a child?

Isa pang nagpapaigting ng paniniwala niyang hindi niya anak ang ipinagbubuntis ni Sheryl ay ang bali-balitang may karelasyong iba ang dalaga while they were dating. Paano kung iyon talaga ang ama ng bata at sa kanya lang ipinapaako dahil takot ito sa responsibilidad? Unfair iyon sa kanya.

Natigil ang paglilimi-limi niya sa kanyang

sitwasyon nang marinig niya ang malakas na dagundong habang may pababa ng hagdanan.

A small and chubby girl came into view. Nakasuot ito ng jogging pants na maroon at maluwang na t-shirt na may tatak pang *Aling Maring's Sari-Sari Store*. Gusot na gusot din ang buhok nito, kasing-gusot ng mukha nitong simangot na simangot.

But in fairness to Miss Chubby, maganda ang mukha nito. Not the beauty-queen-type face but the pretty-but-there-are-lot-of-prettier-girls appearance.

Sigurado siyang isa ito sa mga anak ng ninang niya kung ang pagbabasehan ay ang komportable nitong pagkilos sa loob ng bahay ganoon na rin ang hawig nito sa ginang. Hindi nga lang siya sigurado kung si Gwyneth o Gwendolyn ba ito. Fifteen lang siya nang huli siyang makapunta roon, kaya hindi na niya kayang i-identify ang pagkakakilanlan ng dalawa. It had been ten years, after all.

Tila hindi siya nito napansin sapagkat, bukod sa dere-derecho lamang itong naglakad papunta sa kusina na tanaw mula sa sala ng mga ito, ay nakapuwesto pa sa likod ng hagdanan ang inuupuan niya.

Dumerecho ito sa refrigerator, subalit matapos

ang ilang sandali ng pagsimangot sa harapan niyon ay kinausap nito ang sarili. “Bakit ba walang normal sa bahay na ito?” malakas na reklamo nito bago ibinagsak ang pinto ng kawawang appliance.

Amused na sinundan niya ito ng tingin habang kakamot-kamot ng ulong nagpagala-gala sa kusina. Naghintay siya ng sunod nitong gagawin.

Laking gulat niya nang buhusan nito ng toyo ang rice cooker saka walang habas na hinalo ng kamay. Ang higit na nakagulat sa kanya ay nang tuloy-tuloy ang subo nito nang nakakamay, tila wala itong kapaki-pakialam sa paligid nito. Napailing siya.

Sayang naman ang hitsura niya, medyo PG naman pala.

Sa palagay niya ay hindi alam ng dalaga na may nakakakita sa pinaggagagawa nito, kaya malakas ang loob nitong gawin iyon. Ano kaya ang magiging reaksyon nito kung ipaalam niya rito ang presence niya? Lihim siyang napangisi sa naisip. Siguradong maghuhurumentado ito sa kaalamang may nakakita sa pagiging patay-gutom nito.

Tumayo siya sa kinauupuan niya at dahan-dahang lumapit dito. Nang ilang hakbang na lang ang layo niya mula sa dining table ay tumikhim siya

nang malakas.

“P’wede ka kayang magdahan-dahan diyan sa kinakain mo?” agaw niya sa pansin ng dalaga.

Marahan nitong ipinaling ang tingin sa direksyon niya. Saglit pa muna itong tumulala sa kanya bago kaagad na nanlaki ang bilugan nitong mga mata.

Malakas itong napatili saka hinagip ang rice cooker na noon ay wala nang laman dahil na rin sa katakawan nito. Bago pa niya maisip kung saan nito gagamitin iyon ay napalipad na nito sa kanya ang naturang gamit.

It smacked into his head in full force. Bigla siyang nagsisi kung bakit pa niya naisto-istorbo ang dalaga....

2

“Ano ka ba namang bata ka, bakit mo binato ng rice cooker itong kababata mo? Paano kung nadisgrasya mo ito?” Patuloy sa pagtalak sa kanya si Aida habang nilalagyan nito ng yelo ang malaking bukol sa ulo ng estrangherong gumulat sa kanya kani-kanina lang.

Naabutan ng kanyang ina ang pangbabato niya sa bisita nito, kaya wala siyang lusot sa panenermon nito sa kagagahan niya.

“Eh, kasi naman, 'Nay, akala ko magnanakaw siya o masamang-loob na nakapasok sa bahay natin. Hindi n'yo kasi sinabing may bisita pala kayo,” pangangatuwiran niya.

Ano ba ang malay niya na ang estranghero na binato niya ay kababata at kinakapatid pala niya? Walang iba kundi si Kenji na ubod ng yabang at pastime ang paiyakin siya noong mga bata pa lamang sila. Ang akala kasi talaga ng hyperactive imagination niya ay masamang-loob ito. Idagdag pang nakita nito ang ginawa niyang kahihiyan.

Sana hindi lang bukol ang nakuha niya, sana partial amnesia na rin!

Pasimple niyang sinulyapan ang taong binukulan niya. Mukhang malabo ang gusto niya, if she would base it on the mischievous glint playing on his gorgeous eyes.

In fairness to their visitor, hindi lang mga mata nito ang gorgeous. Lahat yata ng features nito ay maganda, mula sa makakapal nitong kilay hanggang sa mga labi nito na wala nang mas akmang description kundi ang adjective na sensual. With his tanned skin which gave off a manly aura combined with the good body built, he was certainly one of those men born with the heartbreaker's anatomy.

Kung hindi lang siguro dahil sa medyo mahaba nitong buhok, unshaved stubbles and rugged outfit, hinding-hindi niya mapagkakamalang masamang-loob ang gaya nito na ubod ng ganda ang features. One of the heroes in her novels, baka pa.

“Tsk, tsk, tsk! Masama talaga ang naidudulot ng pagsusulat mong iyan sa imahinasyon mo. Dapat talaga ay tigil-tigilan mo na 'yan. Humanap ka na lang ng ibang p'wedeng pagkakitaan,” anang boses ng kanyang ina na naging dahilan upang matigil ang pagbista niya sa hitsura ng kanilang bisita.

“Nay, walang kinalaman 'yung pagsusulat ko sa pagiging wild ng imagination ko. Innate 'yun. At kaya

ako writer dahil d'un," nakasimangot na katuwiran niya.

Isa ang nanay niya sa mga taong mababa ang tingin sa kanyang trabaho. Para rito, hindi maituturing na magandang pagkakakitaan ang pagiging romance writer niya. At hindi niya maikokonsiderang achievement sa buhay ang maging isang best-selling author ng mga Tagalog pocketbooks.

Iniligpit nito ang mga ginamit sa pag-asikaso sa bukol ni Kenji saka humarap sa kanya. Her mom looked at her with distaste.

"Isa pa 'yang hitsura mo. Kung itinuloy mo sana ang pag-aabogasya mo, hindi sana sa tuwina ay ganyan ang ayos mo. Aba'y losyang ka pa doon sa kapatid mong mayroon nang anak!" patuloy na panenermon nito sa kanya, walang pakialam kung naririnig ng bisita nila ang mga reklamo nito sa kanya.

"Mas matanda naman ho ako kaysa kay Gwyneth," sagot niya na ang tinutukoy ay ang kanyang nakababatang kapatid na sa edad na beintuno ay may anak na at hiwalay na rin sa asawa. Niloko kasi ng tinamaan ng magaling na lalaki ang kapatid niya. Hindi pa nakontento na matapos nitong buntisin si Gwyneth sa edad na labing-walo

at bigyan ng mahirap na buhay sa loob ng dalawang taon, nakuha pa nitong ipagpalit ang asawa sa ibang babaeng hindi naman kagandahan.

“Ayun pa, mas matanda ka sa kapatid mo pero may anak na siya samantalang ikaw, ni walang manliligaw. Paano kasi, ibinuburo mo ’yang sarili mo sa harap ng computer kapiling ang mga tinamaan ng magaling na pantasya mo.”

“Nay, ayaw ko lang ho talagang magpaligaw dahil na-trauma na ako sa nangyari sa inyo ni Gwyneth.”

Gaya ng magaling na asawa ng kapatid niya, nagloko rin ang tatay niya na naging dahilan ng hiwalayan ng kanyang mga magulang isang dekada na ang nakakaraan. Hindi niya tuloy maiwasang hindi isipin na kapag nag-asawa siya, mambababae rin ang asawa niya. Mukha kasing nasa dugo nila ang lokohin at ipagpalit sa iba.

“Akong aytigil-tigilan mo sa mga pangangatuwiran mo, Gwendolyn. Sa pagiging abogado mo gamitin ’yan, baka matuwa pa ako sa ’yo.”

Gusto niya sanang sumagot, subalit nagbago ang kanyang isip. Kapag ganyang tinatawag na siya ng nanay niya sa buo niyang pangalan—which she hated so much—dapat lang na manahimik na siya

kung ayaw niyang makatikim dito.

Isa pa, wala rin naman siyang lusot sa magulang. Napakamot na lang siya ng ulo. Bakit ba kasi napunta sa mga reklamo nito sa trabaho niya ang usapan?

Understatement ang sabihing tutol si Aida sa pagiging writer niya. Nang sabihin niya ritong hindi na siya tutuloy sa pagpasok sa *UP* College of Law at sa halip ay magsusulat na lamang siya ay halos maghuramentado ito sa pagtangga. Para saan pa raw na naging *cum laude* siya sa *UP* kung magiging cheap writer lang siya.

Pero hindi siya nakinig dito at sa halip ay ginawa niya ang gusto niya. Ang katuwiran niya, pinagbigyan na niya ito nang mag-aral siya ng kursong gusto nito sa halip na Creative Writing na siya talagang gusto niya. In the end, wala rin namang nagawa ang nanay niya para pigilan siya.

Kakamot-kamot ang ulong nagpaalam na lang siya rito na aakyat na para makaiwas na sa anupamang sermon nito. Habang paakyat ay narinig niya pa ang paghingi ng pasensya ng kanyang ina sa bisita nila.

“Pasensya ka na doon sa kinakapatid mong iyon, Kenji. May pagkawirido talaga ang anak kong iyon, palibhasa ay namumuhay sa pantasya,” anito

na nagpasimangot sa kanya. Hindi na nga yata siya dapat umaasa na matatangap pa ng ina ang trabaho niya. She felt a twinge of pain in her heart.

Siya si Laney Avila para sa mga fans niya. Isang best-selling romance writer sa edad na beinte-tres. Almost a hundred of books were published under her pen name. Pero para sa nanay niya, siya pa rin si Gwendolyn Aguilar, ang anak nitong bum ang status sa buhay. Ang anak nitong hindi nakuhang tuparin ang pangarap nito sa buhay.

She gave their visitor one last look from afar. Kasalanan ng Kenji na iyon kung bakit nasermunan siya ng ina niya kaya ngayon pa lang ay inis na siya rito. Dapat ngayon pa lang ay malinaw na rito na wala siyang balak maging babysitter o kaibigan man lang ng binata...

Patuloy sa paghingi ng tawad ang ninang niya para sa panganay na anak nitong si Gwendolyn dahil sa pambabato nito sa kanya. Subalit wala sa ginang ang atensyon niya, pilit na hinahabol ng paningin niya ang dalagang paakyat na sa hagdanan.

Hindi niya maipaliwanag ngunit tila gusto niyang habulin ito at yakapin. Kitang-kita niya ang

sakit na bumalatay sa mukha nito habang patuloy sa pagtatalak ang nanay nito.

Curious din siya kung bakit ganoon na lamang ang pagkaasar ng ninang niya sa trabaho nito. At higit sa lahat, curious siya sa dahilan kung bakit wala pa itong love life gayong maganda naman ito, kulang nga lang sa ayos.

At bakit ka curious? Huwag mong sabihing type mo siya? tuya niya sa sarili.

Of course, he's not interested in her. Hindi ito ang tipo ng babaeng magugustuhan niya. He liked his girls experienced and easy to deal with, at alam niyang hindi ganoon si Gwendolyn.

Pupusta siya ng isang milyon na hopeless romantic ang dalaga, iyong tipo ng babaeng naniniwala sa soulmates, destiny and crap like that. The kind of girls he couldn't deal with. Kagaya na lang ng ate niya, palibhasa ay addict na addict sa pocketbooks.

“Halika, Hijo. Ituturo ko kung saan ang magiging kuwarto mo.” Ang boses na iyon ng ninang niya ang bumasag sa daloy ng kanyang isipan.

Tumayo siya at sumunod dito nang umakyat ito para ipakita ang kuwarto niya. Apat na pinto ang nakita niya sa pasilyo, tig-dalawa sa bawat side.

Lumapit sila sa dulong silid sa bandang kaliwa.

“Madalas kaming wala dito sa bahay ni Gwyneth, iyong bunso kong anak. Inaasikaso kasi namin iyong karinderya namin malapit sa terminal. Kaya kung may kailangan ka, katukin mo na lang iyang pintong katapat ng silid mo. Kuwarto iyan ni Gwendolyn. Lagi siyang nakakulong diyan at nagkukunwaring nagtatrabaho kaya p’wede mong abalihin kahit kailan,” mahabang sabi nito.

Gaya noong una ay mahihimigan ang disgusto sa tinig nito nang banggitin ang trabaho ng panganay nito. Naroon na naman ang pagnanais niyang mag-usisa subalit nadaig siya ng hiya.

“Ayos ka na rito? Kung ayos na ay iiwan na muna kita. Babalik na ’ko sa karinderya at baka marami nang tao.” Tumango siya at nagpasalamat dito bago ito umalis.

Nang wala na sa paningin niya si Ninang Aida ay tinitigan niya ang nakasaradong pinto sa tapat niya. Napukaw ng dalaga ang interes niya at hindi niya alam kung bakit.

Dahil ba sa ito pa lang ang nanakit sa kanya? Dahil curious siya kung bakit tila masama ang loob ng ninang niya rito? O dahil iba ito sa mga babaeng

madalas niyang makasalamuha? Hindi niya talaga alam.

One thing is sure though. Gwendolyn Aguilar would add some spice to a rather uninteresting life awaiting him in that place....

“Gwendolyn!” Ang malakas na tawag ng nanay niya sa kanya na sinamahan pa ng mga katok na parang gustong gibain ang pinto ng kuwarto niya ang nagpabalikwas ng bangon kay Wendy nang sumunod na araw.

Naihilamos niya ang kanyang mga kamay sa mukha niya. Ano na naman kaya ang problema ng magulang?

Naaasar na bumangon na siya at busangot ang mukha na pinagbuksan ito ng pinto. “Bakit ho?”

Pinandilatan siya nito ng mga mata. “Anong bakit ho? Alam mo ba kung anong oras na? Alas ocho na! Hala, bumaba ka at ipaghanda mo ng almusal si Kenji at nagmamadali kami ng kapatid mo.”

Napaungol siya sa inis. Her mother woke her up just so she could cook breakfast for their goddamn visitor! Alam kaya nito na alas cinco na ng umaga siya

natulog para lang may maipasa siyang manuscript na puwedeng maging kaperahan nila? Pagkatapos ay gigisingin siya nito para lang ipagluto ang buwisita nila na ni hindi nga niya alam ang dahilan ng pananatili sa bahay nila.

“Nay, puyat ho ako. Hindi ho ba p’wedeng siya na lang ang magluto para sa sarili niya? Hindi naman ho siguro siya ganoon kainutil para hindi malaman ang proseso ng pagpiprito ng itlog.”

Isang malakas na batok ang inani niya mula kay Aida dahil sa sagot niyang iyon.

“Aray, ’Nay! Ano ba kayo, bakit n’yo ’ko binatukan?”

“Susunod ka o makakatikim ka nang mas malakas pa?” banta nito. Napakamot siya ng ulo.

“Hindi ko maintindihan kung bakit parang napakaespesyal ng trato n’yo sa lalaking ’yun. Oo nga at inaanak n’yo siya sa best friend n’yo, pero kailangan bang magkandaugaga kayo sa pag-aasikaso sa kanya? Kung tutuusin nga, hindi n’yo dapat pinayagang tumira ang lalaking ’yun dito. Dalawa ang anak n’yong babae, hindi ba kayo natatakot na baka mapagsamantalahan niya kami?”

Sukat doon ay biglang bumunghalit ng tawa ang nanay niya. “Eh, di ang tuwa ko pa kung nagkagan’un.

Magkakaroon ako ng guwapong manugang.”

“Bakit ho ba kasi siya ’andito?” kulit niya. Likas sa kanya ang pagiging usyusera, kaya gusto niyang malaman ang dahilan ng pagtitiyaga roon ni Kenji sa kanila gayong ang alam niya ay ang tino naman ng bahay ng mga ito.

“Kailangan niya kasi ng mapagtataguan.”

“Pagtataguan? Kriminal ba siya at may nagawang kasalanan? Bakit kayo pumayag na tumira siya dito? Paano kung madamay tayo sa kung anumang ginawa niya?” nag-pa-panic na sabi niya.

“Yung guwapong iyon ni Kenji, mukha ba namang kriminal? Pinagtataguan niya ’yung kasamahan niyang babae sa trabaho dahil pilit siyang pinipikot,” paliwanag ng matanda.

Sumimangot siya. Pamilyar sa kanya ang mga ganoong kuwento. Malamang, dahil sa ‘kahiligan’ ng binata kaya nabuntis nito ang kawawang babae. Pagkatapos ay wala namang buto para panagutan ang ginawa.

Ang kapal ng lalaking ’yun, ah! Bahay pa namin ang ginawang hideout para makatakas sa kabalbalan niya.

“Ako ay nililibang mo na naman para makatakas ka sa iniuutos ko sa 'yo. Hala, bumaba ka na at ipaghanda mo ng makakain ang kinakapatid mo,” pagtataboy sa kanya ni Aida, wala talagang pakialam kung mukha siyang panda sa sobrang puyat.

All because of that Kenji! 'Kaasar na buwisita! sa isip-isip niya.

“Sige na ho, ipagluluto ko na ho ang *buwisita* natin,” sarkastikong sagot niya saka nagdadabog na bumaba ng hagdanan upang sundin ang utos nitong magluto siya. Sumunod lang ito sa kanya saka nagpaalam na aalis na.

Nasa kusina na si Wendy nang bigla siyang matigilan. Ano ang luluuin niya? Hindi siya eksperto sa pagluluto. Sa kanilang dalawa ni Gwyneth ay ito ang may talent sa pagluluto. Kaya nga may karinderya ito. At mukhang nakalimutan iyon ng nanay niya.

Walang choice na binuksan niya ang refrigerator at kumuha ng itlog. Dalangin niya na sana ay huwag masunog o kaya ay mabasag ang pula ng sunny side-up na balak niyang luluuin para kay Kenji.

3

“Grabe! Anong klaseng murder ang ginawa mo sa itlog? Bakit nagkaganito?” eksaheradong tanong ni Kenji kay Wendy habang tinitingnan ang itlog na niluto ng dalaga.

Sunny side-up di-umano iyon. Subalit sa hitsura ng inihain nito, mas mabuti pa kung ginawa na lang nitong scrambled iyon. Basag na basag ang pula ng itlog na supposedly ay buo dapat. Bukod pa roon, sunog din iyon. Halos brown na nga ang egg whites.

“Alam mo, masyado kang mareklamo! Bakit kaya hindi mo na lang kainin iyan? Libre naman ’yan, hindi mo binabayaran kaya wala kang karapatang magreklamo,” sarkastikong turan nito saka itinuon ang pansin sa sarili nitong pagkain habang bumubulong-bulong.

Nangingiting kumuha na lamang siya ng makakain. Kahit mukhang pagkain ng alien ang luto ni Wendy, pagkain pa rin iyon at kailangang ubusin kaya kakain siya. Habang kumakain ay lihim niyang pinagmasdan ang dalaga.

Gaya noong una, magulo ang mahaba at

brownish na buhok nito. A permanent scowl was present on her face. And just like the first time he saw her, ipinapamalas nito sa harapan niya ang pagiging PG nito sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagnguya at pagsubo sa almusal nito.

Sayang talaga siya. Ang ganda pa naman, anang isip niya habang pinagmamasdan ito. Hindi niya mapigilan na hindi ma-amaze dahil ngayon lang siya nakakita ng babaeng katulad nito.

Sanay siya sa mga babaeng conscious sa mga ginagawa nila, iyong tipong ayaw makagawa ng kahihiyan sa harap ng ibang tao. Pero si Wendy, walang kapaki-pakialam kung anuman ang isipin niya sa mga asal nito.

Napansin yata ng dalaga ang pagmamasid niya rito, kaya mas lalong kumunot ang noo nito.

“Bakit mo ’ko tinititigan? Don’t tell me, pinagnanasaan mo ’ko? Sorry ka na lang, pero wala akong balak pumatol sa ’yo,” pasupladang sita nito sa kanya.

“You wish! Ano naman ang akala mo sa ’kin, walang taste? For your information, hindi ako pumapatol sa mga babaeng ubod na nga ng takaw ay ni hindi pa marunong magsuklay,” natatawang

pambabara niya rito.

Ang lakas ng loob nito na sabihin sa kanya ang mga pinagsasabi nito kanina. Ano ang akala nito sa sarili nito, *FHM* model na puwedeng pagnasaan? Kung hindi sana ito chubby at walang finesse sa katawan.

“Oh, shit!” malakas na sigaw niya nang bigla na lang nitong itapon sa mukha niya ang kapeng kani-kanina lang ay iniinom nito. Inihilamos niya ang kanyang kamay sa mukha niyang ngayon ay nanlalagkit na dahil sa kagagahan ng babaeng kasalo niya.

Masama ang tingin na binalingan niya ito, na at the moment ay tila proud na proud pa sa ginawa sa kanya kung ang ngisi nito ang pagbabasehan.

“Bakit mo ginawa ’yun? Nakakadalawa ka na sa akin, ah!”

“At makakatatlo pa kung bubuwisitin mo na naman ako,” mabilis na dugtong nito sa sinabi niya.

Nagtagis ang kanyang mga bagang. Hell, ngayon lang may babaeng nagtapon ng kung ano sa kanya. Kahit na anong rudeness ang ipakita niya sa mga babaeng nakasalamuha niya ay wala pang gumawa sa kanya ng ginawa ni Wendy.

“You’re going to pay for this, you wench!”
seryosong banta niya.

Tila hindi naman ito natakot, dumukwang pa ito para ilapit ang ulo sa kanya. “I’ll be waiting for your revenge, Mr. Asshole,” puno ng kayabangang sagot nito. A sarcastic smile was playing on her pouty lips.

Noon niya napagtuunan ng pansin ang mga labi nitong ilang pulgada lang ang layo mula sa mukha niya. Out of the blue, an idea popped into his mind.

Ginaya niya ang ginawa nitong pagdukwang para mas lalong maglapit ang mga mukha nila. Halatang nagulat ito sa ginawa niya kaya nag-akma itong lalayo, subalit nahawakan niya kaagad ang batok nito at nahila iyon palapit ulit sa mukha niya.

“You don’t have to wait for too long. It’s payback time now, my dear,” he said mischievously then claimed Wendy’s lips.

Nakaharap si Wendy sa salamin ng banyo nila at kontodo toothbrush. Pangatlong beses na niya iyon na magsepilyo pero hanggang ngayon, hindi pa rin siya nakokontento. Napangalahati na rin niya ang laman ng mouthwash nila. Na parang sa mga pinaggagawa niya ay maalis ang katotohanang nahalikan siya ni

Kenji.

“Kadiri, kadiri, kadiri! Bakit ka ba nagpahalik sa kanya?” mangiyak-ngiyak na maktol niya sa repleksyon sa salamin.

In her twenty-three years of existence, ngayon lang siya nahalikan. At isa pang nakakainis na lalaki ang humalik sa kanya! And take note, nakaw na halik pa!

Buwisit ka, Kenji Alcantara! Isa kang manyak!

Pero ang mas nakakabuwisit, aminin man niya o hindi, ay ang katotohanang nag-enjoy siya sa halik na ibinigay ng kinakapatid niya. Hindi niya akalaing sa dami ng adjectives na nagamit niya para i-describe lang ang laplapan moments ng mga bida sa nobela niya ay magugulat pa siya sakaling siya ang maka-experience niyon.

Ang masasabi niya ngayong na-experience na niya ang isa sa mga isinusulat niya; wala palang tamang words para i-describe iyon....

“Gwyneth, man-hater ba ang ate mo?” pag-uusisa ni Kenji sa dalagang abalang-abala sa pagbabasa.

Kamukha si Gwyneth ng ate nito, slimmer version

nga lang at mas may hinhin sa katawan. Hindi nga siya makapaniwala na hiwalay na ito sa asawa at may dalawang taong gulang na anak na sa edad na beinte-uno. Kung sinuman ang asawa nitong nang-iwan dito, isa itong malaking hangal.

Kung lagi silang nagbabangayan ni Wendy, magkasundo naman sila ni Gwyneth. Palibhasa nga ay pareho silang mahilig magluto. Pati ang anak nitong si Tommy na sa tuwina ay karay-karay nito ay buddy-buddy na rin niya.

Saglit na inalis ng babae ang tingin sa binabasa at sinulyapan siya. “Sa pagkakaalam ko, hindi naman. Kaya lang, may galit kasi siya sa mga babaero at palikerong lalaki. Sa tingin ko, masyado niyang dinibdib ’yung nangyari sa amin ni Nanay. Bakit mo pala naitanong? Tinatrato ka ba nang masama ni Ate?”

“You can’t exactly call it bad,” he answered in confusion.

Maituturing nga bang masama ang pag-iwas ni Wendy sa kanya na parang isa siyang virus o ang walang habas na pagtataray nito sa kanya? After all, he actually did things that annoyed her. Like that stolen kiss the last time. He was sure Wendy was enraged by that kiss.

“Pinagsusupladahan ka niya, 'no! Hayaan mo na siya, ibig lang sabihin niyan, guwapo ka sa paningin niya,” anito saka humagikgik. Napatingin tuloy siya rito.

“Ano'ng sinabi mo?”

“Si Ate kasi, ayaw niya sa mga guwapong lalaki. Iyong tipong hitsura pa lang, eh, kababaliwan na ng mga babae. At mas lalong ayaw niya kapag ginagamit ng mga lalaking iyon ang kaguwapuhan nila. In short, ayaw niya sa mga playboy at heartbreaker.”

Ibig lang sabihin, hindi siya uubra sa dalaga. So why did he seem so excited on chasing her?

Maybe because she had crashed his ego. Ito lang yata ang babaeng umayaw sa kanya. Women run after him, beg him for his kisses. Samantalang si Wendy, pilit siyang itinutulak palayo. She was a challenge he couldn't resist.

“Bakit ba kayong mga babae, ang hilig-hilig n'yo sa mga ganyang babasahin?” nakakunot ang noong tanong niya sa kausap nang mabigyan ng pansin ang binabasa nito.

Hindi niya talaga maintindihan kung bakit napakahilig ng mga babae sa mga ganoong babasahin. Kahit ang Ate Megumi niya ay addict na addict sa

mga ganoon—isang bagay na kinaaasaran niya dati pa man.

Para sa kanya, ang mga romance novels ang dahilan kung bakit marami sa mga babae ngayon ang idealistic. Dahil sa mga iyon, masyadong nagiging mataas ang expectations ng mga babae sa isang relasyon. Because of those books, women are delusional for a happily ever after, na sa totoong buhay ay hindi naman talaga nangyayari.

“Ah, eto ba? Hindi talaga ako masyadong mahilig sa mga ganito. Si Ate kasi ang nagsulat nito kaya ko binabasa.”

What he heard piqued his interest. “Really? Romance writer pala siya?”

Alam niyang writer ang dalaga dahil narinig na niyang sinabi ng ninang niya. Pero hindi niya inasahan na nagsusulat pala ito sa romance genre. It was so ironic na ang dalagang ni hindi pa nagkaka-boyfriend at mukhang man-hater pa nga ay magsusulat ng mga kuwento ng pag-ibig.

“Writer na siya simula pa lang noong eighteen siya. After niyang maka-graduate, nag-focus na siya sa full-time na pagsusulat.”

“Pero bakit parang ayaw ng Ninang sa trabaho

niya? Hindi ba siya proud para kay Wendy?” curious na tanong niya. “Aba, hindi yata lahat ng tao ay nagiging writer.”

“Gusto niya kasi sanang maging abogado si Ate, pangarap niya kasi iyon dati. Kaya n’ung mag-college ang kapatid kong ’yon, pinilit niya na pakuhanin si Ate ng Political Science sa *UP Diliman*. After graduation naman, pinag-take ni Nanay ng Law Aptitude Test si Ate na naipasa naman niya. Pero pagkatapos ng isang sem sa law school, hindi na siya tumuloy. Mas pinili niya ang maging full-time writer.”

So, ang babae palang parang patay-gutom kumain ay isang matalinong tao. Wendy was definitely a whole lot better than what he expected. At nasisiguro niya, marami pa siyang dapat malaman tungkol sa dalaga. Bigla siyang na-excite na parang hindi niya mawari.

Muli siyang bumaling kay Gwyneth.

“Magkuwento ka pa nga tungkol sa ate mo....”

“Ang sabi ni Gwyneth, romance writer ka daw.”

Nag-angat ng tingin si Wendy mula sa Koreanovela na pinapanood niya nang marinig ang boses ng

nagsalita. Alam niyang si Kenji iyon dahil sino pa ba ang maaaring maging boses-lalaki sa bahay na iyon kundi ito?

“Ano ngayon?” mataray na sagot niya rito saka ibinalik ang tingin sa pinapanood. Parte iyon ng paghahanap niya ng inspirasyon sa pagsusulat.

Naupo ang binata sa tabi niya, subalit inisnab niya lang ito. Asar pa rin siya sa kinakapatid. Katunayan, branded na ito bilang isa sa mga kinaiinisan niyang tao. Paano kasi ay sa tuwing nariyan ito ay nasesermonan siya ng nanay niya.

Isang linggo na itong namamalagi sa bahay nila. At sa loob ng panahong iyon, sa tuwing makakasama niya ito at si Aida ay palagi siyang nasisita ng ina.

Nariyang bakit magulo na naman ang buhok niya, nakakahiya daw sa binata o kaya ay bakit ganyan ang suot niya, baka kung ano ang isipin ni Kenji. Mga simpleng bagay na dati-rati ay hindi big deal kung hindi lang dumating ang lalaki. Kay Kenji tuloy siya naaasar.

Idagdag pang hindi pa rin niya nakakalimutan ang pagnanakaw nito ng halik sa kanya.

Katunayan, pakiramdam niya, nang dahil sa halik na iyon ay mali lagi ang description niya sa

mga halikan moments ng mga bida niya. Lalo tuloy siyang hindi makausad sa isinusulat niya.

“Ang sabi rin ni Gwyneth, may writer’s block ka daw,” pagkausap muli nito sa kanya.

“Ano naman ngayon sa ‘yo?” aniya na nasa TV pa rin ang atensyon.

Hindi na siya magugulat kung lahat na lang ay naikuwento rito ng kapatid niya. Bukod sa may pagkadaldalera talaga ang huli ay si Gwyneth lang ang sa tuwina ay kasama ng binata.

“Ang sabi niya rin, you usually use real people as inspirations. Ginagawan mo pa nga sila ng kuwento.”

“And your point is?” natatamad na sagot niya, hindi pa rin ito tinitingnan.

“Well, isa-suggest ko lang sana na baka gusto mo ’kong gawan ng kuwento. Tatal naman, kung looks din lang, I’m pretty sure pasok ako sa standards mo.”

Napalingon siya rito dahil sa sinabi nito. “Hindi ka rin makapal, ano!” nakataas ang mga kilay na komento niya.

“What? I’m just telling the truth,” painosente pang sabi nito.

“Truth-in mo’ng mukha mo! Huwag ka ngang masyadong feeling, Mr. Alcantara. For your information, hindi ka guwapo. Mukha kang hoodlum, and no heroine of my novels ought to have a hooligan like you as her partner,” pang-aasar niya.

Subalit tila hindi naman ito naasar. Nagkibit-balikat lamang ito saka tumayo na.

“Ang sabi din ni Gwyneth, galit ka raw sa mga lalaking guwapo,” nakangising turan nito.

Nag-init ang kanyang mga pisngi sa narinig. Kung nasa malapit lang ang kapatid niya, baka naingudngod na niya ito sa sahig.

“Hah! Asa ka pa! Hindi guwapo para sa ’kin ang bigotilyo at long-haired na lalaki. Kadiri sila sa paningin ko. Isa pa, never magiging guwapo sa paningin ko ang pervert na kagaya mo. Kita mo na? Hindi ka talaga p’wede. Wala akong hero na bastos, na basta na lang nanghahalik.”

Parang gusto niyang magsisi na nabanggit niya iyon. Bigla na lang kasi siyang nakaramdam ng pagkailang. Buti na lang mukhang walang balak ang binata na pansinin iyon.

“Sabihin mo na ang gusto mong sabihin pero one of these days, ma-re-realize mo rin na bagay akong

Kenji's Kisses - Mara Alegria

maging hero sa nobela mo. Kapag nangyari 'yun, just approach me. Willing akong magpa-interview," tatawa-tawang pahabol nito saka umakyat na sa itaas. Naiwan siyang naguguluhan.

What the hell was that about?

Ano ang nakain ng hudyong iyon at biglang-bigla ay gusto nitong mapasali sa nobela niya?